

1234567AB-A8B-XX/XX/XXXX  
XXX123456789\_ABCD0-00-0-000000



XX/XX/XXXX



JOHN SAMPLE  
1234 SAMPLE STREET  
Line 2  
ANYTOWN CA 90000

## Mahalagang balita tungkol sa iyong Medi-Cal

Mahal na [\[Member Name\]](#),

Noong Nobyembre, pinadalhan ka namin ng liham. Sinabi nito sa iyo ang tungkol sa mga pagbabago sa pangkalusugang coverage mo sa Medi-Cal. Mayroon kang **may restriksiyong saklaw** ng mga serbisyong Medi-Cal sa ngayon. Simula sa **Enero 1, 2024**, ang iyong pangkalusugang pagsasaklaw ng Medi-Cal ay magiging **ganap na saklaw** na Medi-Cal. Magkakaroon ka ng access sa mas maraming mga serbisyo. Makakakuha ka ng mga serbisyong Medi-Cal sa pamamagitan ng Planong Medi-Cal Managed Care.

Ang *My Medi-Cal Choice* na pakete ng natanggap mo ay magsasabi sa iyo kung paano pumili ng Planong Medi-Cal Managed Care .

**Kapag hindi ka pumili ng plano sa pagsapit ng petsang nakalista sa iyong *My Medi-Cal Choice* na pakete, ie-enroll ka sa Planong Medi-Cal Managed Care at Planong Dental:**

| <b>Planong Pangkalusugan</b>       | <b>Planong Dental</b>                         | <b>Petsa ng Pagsisimula</b> |
|------------------------------------|---|-----------------------------|
| <a href="#">&lt;Insert MCP&gt;</a> | <a href="#">&lt;Insert Dental Program&gt;</a> | XX/XX/2024                  |

### Tungkol sa Mga Planong Medi-Cal Managed Care

Ang Planong Medi-Cal Managed Care ay pangkalusugang plano. Nagtatrabaho ito kasama ng mga doktor, ospital, parmasya at mga ibang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan para bigyan ka ng medikal na kailangang mga pangkalusugang serbisyong Medi-Cal na kailangan mo. Ang iyong plano ay:

- Tutulong na pamahalaan ang iyong mga Medi-Cal na benepisyo at serbisyo
- Tutulong sa iyong makahanap ng mga doktor at espesyalista sa network ng plano (pangkat)

- Mayroong 24-oras na nurse advice line na maaari mong tawagan
- May libreng numero ng telepono ng mga serbisyo ng miyembro upang sagutin ang iyong mga katanungan
- Tutulungan ka sa mga sakay papunta at mula sa iyong mga tagapagkaloob gaya ng iyong espesyalista o ospital
- Tutulungan kang makakuha ng mga serbisyonang maaaring kailanganin mo na hindi saklaw ng plano
- Nagbibigay sa iyo ng mga serbisyo sa wika na kailangan mo tulad ng mga serbisyo ng tagapagsalin; mga dokumento sa iyong wika; o mga dokumento sa Braille, malalaking print, o audio o data CD

### **Paano pumili ng Planong Medi-Cal Managed Care.**

Ang iyong mga pagpipilian sa Planong Medi-Cal Managed Care ay depende sa county kung saan ka nakatira. Ang Health Care Options (HCO) ay magpapadala rin sa iyo o magpadala sa iyo ng *My Medi-Cal Choice* pakete. Sinasabi nito sa iyo ang tungkol sa mga planong Medi-Cal Managed Care sa inyong lugar at kung paano magpatala.

Para magkaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa iyong plano ng kalusugan at mga piling tagapaglaan, tawagan ang HCO Lunes – Biyernes 8 a.m. hanggang 6 p.m. sa **1-800-576-6890** (TTY: 1-800-430-7077). Libre ang tawag na ito. O, pumunta sa **[www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov)**.

### **Mga eksempsyon sa pagsali sa Planong Medi-Cal Managed Care**

Maaaring hindi mo kailangang sumali sa Medi-Cal Managed Care Plan kung ikaw:

- Ay isang American Indian/Alaska Native,
- Ay benepisyaryo na nakakakuha ng tulong sa ilalim ng Foster Care, ang Adoption Assistance Program, o Child Protective Services,
- Nakatira sa tahanan ng beterano sa California,
- Mayroon nang aprobadong medikal na hindi pagsalimula sa mga kinakailangan para makasali sa Planong Medi-Cal Managed Care, o
- Kumuha ng medikal na eksempsyon na hindi na kakailanganing sumali sa Planong Medi-Cal Managed Care

### **Medikal na eksempsiyon mula sa pagsali sa Planong Medi-Cal Managed Care**

Kung mayroon kang kumplikadong kondisyong medikal, kabilang ang pagbubuntis, at ang iyong Medi-Cal na doktor o klinika ay Fee-for-Service (FFS) (regular) Medi-Cal na tagapagkaloob na wala sa Planong Medi-Cal Managed Care network sa county mo, maaaring makakuha ka ng medikal na eksempsyon para mapanatili ang tagapagkaloob ng hanggang 12 buwan.

Kung gusto mong manatili sa FFS Medi-Cal, humingi ng medikal na eksempsiyon sa lalong madaling panahong magagawa mo. Sa karamihan ng mga kaso, hindi ka maaaring maging kwalipikado para sa eksempsiyon mula sa pagpapa-enroll sa pinamamahalaang pangangalaga pagkatapos na ikaw ay nasa Planong Medi-Cal Managed Care ng 90 araw.

May tatlong paraan para humingi ng medikal na eksempsiyon:

- **Telepono:** Tumawag sa HCO Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. sa **1-800-576-6890** (TTY: 1-800-430-7077).
- **Koreo:** Punan at ipadala sa koreo ang Medical Exemption Request form sa iyong *My Medi-Cal Choice* na pakete. Matutulungan ka ng iyong doktor, klinika, o isang tagapagtaguyod na punan ang form. Ang iyong doktor ay kakailanganin rin na punan ang bahagi ng form. Ibalik ang nakumpletong form sa HCO.
- **Online:** Pumunta sa HCO website sa **[www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov)**.

Kung inaprubahan ang iyong pagbubukod, maaari kang manatili sa FFS Medi-Cal at mapanatili ang iyong doktor hanggang matapos ang medikal na eksempsiyon.

Kung mayroon kang mga partikular na kalagayan at nais mong panatilihin ang iyong Medi-Cal na tagapagkaloob ng mahigit sa 12 buwan, maaari kang humingi na palawigiin ang iyong medikal na pagbubukod. Dapat kang maghintay ng 11 buwan man lang mula sa petsa ng pagsisimula ng umiiral mong medikal na eksempsiyon. Sasabihin sa iyo ng HCO kapag 45 araw na bago magtatapos ang iyong medikal na eksempsiyon. Sasabihin nila sa iyo kung paano humiling para sa isang ekstensyon.

### **Ano ang dapat gawin ngayon**

- Kung gusto mong manatili sa Planong Medi-Cal Managed Care na nakalista sa itaas, wala kang kailangang gawin.
- Kung kailangan mong panatiliin ang pareho mong Medi-Cal na doktor o klinika, tanungin sila kung nagtatrabaho sila sa isang Planong Medi-Cal Managed Care sa county mo. Kapag gayon, piliin ang planong iyon.
- Kung gusto mong pumili ng ibang Medi-Cal Managed Care Plan, kontakin ang HCO:
  - **Telepono:** Tumawag sa HCO Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. sa **1-800-576-6890** (TTY: 1-800-430-7077).
  - **Koreo:** Punan at i-mail ang form ng pagpili sa iyong *My Medi-Cal Choice* na pakete.
  - **Online:** Mag-enroll sa **[www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov)**.

Ang iyong Planong Medi-Cal Managed Care ay magpapadala sa iyo ng isang welcome pakete. Sasabihin nito sa iyo kung paano pumili ng doktor. Sasabihin din nito sa iyo ang tungkol sa mga benepisyo na inaalok ng plano.

### **May mga katanungan?**

- Tawagan ang Medi-Cal Helpline Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa 1-800-541-5555. Libre ang tawag.
- Tawagan ang Medi-Cal Ombudsman Office Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa **1-888-452-8609** (TTY: 711 para sa California State Relay). Libre ang tawag. O, mag-email sa kanila sa **MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov**. Ang Medi-Cal Ombudsman Office ay tumutulong sa mga taong may Medi-Cal na gamitin ang kanilang mga benepisyo at malaman ang kanilang karapatan at mga responsibilidad.
- Basahin ang Frequently Asked Questions (FAQ) sa Medi-Cal website sa: **[www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/Adult-Expansion.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/Adult-Expansion.aspx)**. Kung gusto mo ng nakasulat na kopya ng FAQ na ipadala sa iyo sa koreo, tumawag sa HCO, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. sa **1-800-576-6890** (TTY: 1-800-430-7077). Kung gusto mo ng paunawang ito sa ibang wika o ibang format, tulad ng malaking print, audio, o Braille, mangyaring tumawag sa HCO Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. sa **1-800-576-6890** (TTY: 1-800-430-7077).

Salamat,

Medi-Cal

Department of Health Care Services